# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 8*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan mula sa pagninilay sa aklat ng Ruth.

***"11 At si Booz ay sumagot at nagsabi sa kaniya, Ipinatalastas sa akin ang buong iyong ginawa sa iyong biyenan mula sa pagkamatay ng iyong asawa: at kung paanong iyong iniwan ang iyong ama at iyong ina, at ang lupang pinanganakan sa iyo, at ikaw ay naparito sa bayan na hindi mo nakilala nang una." (Ruth 2:11)*** Iniulat dito ni Booz ang lahat ng tungkol sa mabubuting bagay na nagawa niya. Sinabi niya sa kanya kung bakit siya binibiyaan at pinagmamalasakitan siya gaya ng sumusunod:

1. Siya ay isang balo.
2. Siya ay taga ibang lupain, nang iniwan niya ang pinanganakan niyang lupain.
3. Iniwan niya ang kanyang ama at ang kanyang ina at ang kanyang lupain at ang kanyang bayan sa pagtugon sa tawag ng Diyos. Siya ay tulad ni Abram na tumugon sa tawag ng Diyos nang tinawag siya ng Panginoon upang umalis, ***"1 Sinabi nga ng Panginoon kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo:2At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran:3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa.4 Kaya't yumaon si Abram, ayon sa sinalita sa kaniya ng Panginoon; at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may pitong pu't limang taon, nang umalis sa Haran.5 Isinama ni Abram si Sarai na kaniyang asawa, at si Lot na anak ng kaniyang kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang mga taong kanilang nakuha sa Haran; at nagsialis upang pasa lupain ng Canaan; at dumating sa lupain ng Canaan." (Genesis 12:1-5)*** Si Abraham ay umalis kasama ng kanyang asawa at ni Lot at lahat ng mga kaluluwa na kasama nila sa Haran at pumunta sa Canaan sa pagtugon sa tawag ng Diyos. Iniwan ni Ruth ang Moab at sinamahan ang kanyang biyenan sa Lupang Pangako, sa Bethlehem.
4. Ipinakita niya ang habag kaya't nakatanggap siya ng habag. Ipinakita niya ang habag sa kanyang biyenan, kaya't nakatanggap siya ng habag mula kay Booz gaya ng ipinangako ng Diyos, ***"Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)***

Si Ruth ay may magandang pangalan at pinaghirapan niya iyon. Hindi niya hinangad na ang mga tao ay magsalita ng mabuti tungkol sa kanya, ngunit ginawa niya ang mga bagay na makakapagpalugod sa Diyos at kung ano ang makakapukaw sa Kanya upang gawin niya. Matutunan natin dito, kung anong ating ginagawang mabuti ay iuulat at ihahayag sa mga tao sa paraang hindi natin namamalayan. Ating basahin at mahikayat: ***"Ang mabuting pangalan ay maiging piliin, kay sa malaking kayamanan, at ang magandang kalooban, kay sa pilak at ginto." (Kawikaan 22:1)*** Ang mabuting pangalan ay mas mabuti sa kayamanan. ***"Ang mabuting pangalan ay maigi kay sa mahalagang unguento; at ang kaarawan ng kamatayan kay sa kaarawan ng kapanganakan." (Manunulat 7:1)*** Ang mabuting pangalan ay mas mabuti at mas nakakalugod kaysa sa mamahaling pamahid.

***"12 Gantihin nawa ng Panginoon ang iyong gawa, at bigyan ka nawa ng lubos na ganting pala ng Panginoon, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak niyaong iyong kakanlungan." (Ruth 2:12)*** Si Booz dito ay higit na hinangad ang kabutihan sa kanya at inihatid sa kanya ang gantimpala mula sa Panginoon. Hindi malilimutan ng Panginoon ang mabubuting bagay na ginagawa ng Kanyang bayan. ***"Sapagka't ang Dios ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang ngayo'y nagsisipaglingkod kayo." (Hebrew 6:10)*** *Ang Diyos ay matuwid upang alalahanin ang lahat ng iyong pinagpagalan ng pagibig na iyong pagpapagal alang-alang sa Diyos sa paglilingkod at pagtulong sa Kanyang bayan. Itatago ng Diyos ang mga talaan ng ating mga ginagawa, sapagkat nalalaman natin na may mga aklat ng mga gawa sa Langit. ***"At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa." (Pahayag 20:12)*** Ang mensahe ngayon ay upang hikayatin tayo na magpatuloy na gawin ang parehong mabubuting gawa at huwag sumuko. * Ako rin ngayon ay hinihikayat kayong lahat na patuloy na gawin ang parehong mabuting gawain, at maging panatag at puno ng Pagasa na gagantimpalaan kayo ng Diyos sa lahat ng iyong kabutihan at kasipagan sa paggawa ng Kanyang gawain at kung anong naunang inihanda Niya na gawin para sa inyo. ***"11 At ninanasa namin na ang bawa't isa sa inyo ay magpakita ng gayon ding sikap sa ikalulubos ng pagasa hanggang sa katapusan:12 Na huwag kayong mga tamad, kundi mga taga tulad kayo sa mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng mga pangako." (Hebreo 6:11-12)*** Kailangan nating sundan ang mabubuting halimbawa ng iba na nauna sa atin at matuto sa kanilang pananampalataya at pagtitiis hanggang tanggapin natin ang mga pangako ng Diyos.

***“12 Gantihin nawa ng Panginoon ang iyong gawa, at bigyan ka nawa ng lubos na ganting pala ng Panginoon, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak niyaong iyong kakanlungan.” (Ruth 2:12)*** Kailangan nating tingnan ang dalawang mga bagay dito:

1. Gantihan: Na nangangahulugang bayaran ang para sa nasayang na panahon, salapi at mga pagsisikap.
2. Ganting-pala: Na nangangahulugang bayad sa mabubuting gawa na nakamit.

Ang dalawang bagay na ito ay magkakatotoo sa ating buhay habang tayo'y nagtitiwala at isinalin ang ating pagtitiwala sa pagkilos bilang pagsunod natin sa Diyos. Si Ruth ay nagtiwala sa Diyos, nagkaroon ng pagasa sa Kanya na ang lahat ng kanyang ginagawa ay gagantimpalaan at siya ay gagantihan. Si Ruth ay tumakas sa ilalim ng Diyos ng Israel at ipinahayag na ang kanyang pangako na bumalik kasama ng kanyang biyenan upang tulungan siya at alalayan siya.

***“13 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Makasumpong nawa ako ng biyaya sa iyong paningin, panginoon ko; sapagka't ako'y iyong inaliw, at sapagka't may kagandahang loob na pinagsalitaan mo ang iyong lingkod, bagaman ako'y hindi gaya ng isa sa iyong mga alila.” (Ruth 2:13)*** Si Ruth, ay lalo nang nagpakumbaba, at tinanggap na siya ay mas mababa kaysa sa lahat ng kababaihan na gumagawa sa bukirin ni Booz. Pinahahalagahan niya ang kaaliwan na natanggap niya mula sa kanya at hiniling sa kanya na patuloy na bigyan siya ng biyaya nang may kababaang-loob. Pansinin din dito ang malaking kaaliwan na ibinigay ni Booz kay Ruth at ang malaking epekto ng gayong kaaliwan sa mga mapagkumbaba at umaasa sa Diyos upang alalayan sila at palakasin sila. Kung paano sila’y mahihikayat at makakatanggap ng bonus na magtutulak sa kanila upang patuloy na gumawa ng mas mabuting bagay at magpatuloy sa kanilang pangako sa Panginoon upang gawin kung anong inilagay Niya sa kanilang mga puso at itinuro Niya sa kanila na gawin.

Sa kanyang kahilingan, ***“Makasumpong nawa ako ng biyaya sa iyong paningin”.*** nakatanggap siya sa panibagong kaaliwan at biyaya mula kay Booz. ***“14 At sa pagkain ay sinabi ni Booz sa kaniya, Parito ka, at kumain ka ng tinapay, at basain mo ang iyong subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mangaani: at iniabot niya sa kaniya, ang sinangag na trigo, at siya'y kumain, at nabusog, at lumabis.” (Ruth 2:14)*** Inanyayahan niya siyang makisalo sa kanilang tanghalian. Payak lamang ang pagkain, tinapay at suka, at sinangag na trigo (hindi (KFC o Pizzahut atbp) Maraming tao ang nakakatanggap ng pagkain nila sa kanilang pinagtatrabahuhan ngunit hindi nila pinahahalagahan iyon. Itinatapon lamang nila o sila’y nagrereklamo, Oh sa araw-araw pare-parehong pagkain', ngunit ang pagkaing iyon ay katumbas sa malaking halaga ng salapi at oras at pagsisikap sa paghahanda. Ang pagkaing iyon ay sapat para sa pagkain niya, at ang labis na natira sa kanya, hindi niya itinapon, kundi tinipon niya ito at itinabi ito upang pakainin ang isa pang bibig sa kanyang bahay. Inipon niya ito para sa kanyang biyenan, tinipon niya ito at ibinigay niya sa kanya nang siya ay bumalik sa tahanan, ***“at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog.” (Ruth 2:18)*** Sa mga nagtatago ng natitira sila’y mayroon ng malaking halaga ng pag-iipon at palaging magiging sagana, ngunit sa mahuhusay sa pagtatapon madali silang mapupunta sa kahirapan at kulang sa kasaganaan. Pati na rin ang pagkain na kinain ni Ruth ay payak, sapat na para sa kanyang kalusugan at hindi mahal. Maraming mga tao pagkatapos ng kanilang trabaho, bibili sila ng mamahaling pagkain, at sila'y nagsasayang ng malaking halaga ng salapi sa pagkain, habang ang payak at murang pagkain ay sapat lamang para sa kanila.

Si Ruth ay masipag magtrabaho, Yaong nagsisikap ay pagpapalain sila ng Panginoon at sila ay magkakaroon ng paglago samantalang yaong tumatangkilik sa kayamanan ay walang kabuluhang huhupa. ***“Ang kayamanang tinangkilik sa walang kabuluhan ay huhupa: nguni't siyang nagpipisan sa paggawa ay mararagdagan.” (Kawikaan 13:11)*** Kaya matutunan natin mula sa paguugali ni Ruth na nagsikap nang husto at huwag umasa sa madaling pamumuhay nang walang pagpapagal, magtipon, mag-ipon, at huwag magsayang ng mga mapagkukunan. Ang kayamanan din ay hindi darating na may kabuluhan, pandaraya, pang aabuso, o pananamantala sa iba. * Yaong mabubuting katiwala sa kung anong kanilang natatanggap at nagtatago, ang Panginoon ang magdargdag sa kanila ang higiit na pagpapala. Ilagay sa iyong isipan, ang mga nagtitipon ng paunti-unti sila pa rin ay magkakaroon ng higit na pag-unlad.

Si Ruth ay nakatanggap ng higit pang biyaya habang siya ay nagpakumbaba, ***“15 At nang siya'y tumindig upang mamulot, ay iniutos ni Booz sa kaniyang mga bataan, na sinasabi, Pamulutin ninyo siya hanggang sa gitna ng mga bigkis, at huwag ninyo siyang hiyain.” (Ruth 2:15)*** Dito iniutos ni Boaz sa kanyang mga tauhan na huwag sawayin siya, o ipahiya siya, o sawayin siya kundi sinabihan sila na hayaang mahulog ang mga bigkis sa kanila upang pulutin niya ang mga ito gaya ng ating babasahin dito, ***“16 At ihugot din ninyo siya ng ilan sa mga bigkis, at iwan ninyo at pamulutin niya, at huwag ninyong hiyain siya.” (Ruth 2:16)*** Sinabi niya sa kanila na pagpalain siya at huwag hiyain siya. Kapag tayo'y nagpakumbaba, itataas tayo ng Diyos at pagpapalain tayo ng Diyos at itataguyod tayo. Ang higit na ikaw ay nagpapakumbaba ang higit na ikaw ay makakatanggap ng biyaya mula sa  Panginoon.

***“17 Sa gayo'y namulot siya sa bukid hanggang sa paglubog ng araw; at kaniyang hinampas yaong kaniyang***

***napamulot, at may isang epa ng sebada. (Ruth 2:17)*** Si Ruth ay nagtrabaho ng husto, mula umaga hangang paglubog ng araw, at siya'y namulot ng malaking halaga. Nang kanyang hinampas ang epa ng sebada (ang sebada ay may balat na pantakip) nakakuha siya ng isang epa, isang malaking halaga katumbas ng dalawampung litro. Gumawa siya ng isang kumpleto at masigasig na gawain. Iyon ang pinagkunan niya ng pagkain. Sa aking paglalakbaysa iba't ibang mga lugar sa mundo, maraming mga halaman, bunga, dahon, binhi, dates, isda, kuhol, hayop at ibang uri ng pagkain na maaring ibahagi para sa libreng mapagkukunan na makakain ng mga tao. Ang kailangan nilang gawin ay pumunta, yumuko, mamulot, mangukuha, iproseso, iimbak, ubusin at kainin. Ang higit na tayo'y nagpapasalamat at pinahahalagahan, ang higit na tayo'y pagpapalain at idaragdag sa atin ng Diyos.

***"18 At kaniyang dinala at pumasok sa bayan: at nakita ng kaniyang biyanan ang kaniyang napamulot: at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog. (Ruth 2:18)*** Ang kanyang pinulot, dinala niya ito sa bahay at iniimbak ito upang ito'y maging pagkain na ibinigay sa kanila ng Diyos upang kainin. Ang kanyang biyenan ay nakita ito, at siguradong siya'y nagalak sapagkat ang kanilang bahay ay muling napuno ng pagkain, na maaring itabi at magamit sa susunod na mga buwan. Tiyak siya din ay masaya sa pagkain na itinago niya para sa kanya.

***"19 At sinabi ng kaniyang biyanan sa kaniya, Saan ka namulot ngayon? at saan ka gumawa? Pagpalain nawa yaong lumingap sa iyo, At itinuro niya sa kaniyang biyanan kung kanino siya gumawa, at sinabi, Ang pangalan ng lalake na aking ginawan ngayon ay Booz. (Ruth 2:19)*** Tinanong siya ng kanyang biyenan kung saan siya namulot at kung ano ang kanyang ginawa at nakamit. Napakagandang ugali iyan ng mga magulang at mga lolo't lola na tatanungin at subaybayan ang kanilang mga anak at mga apo kung saan sila pupunta at kung ano ang kanilang ginagawa. Pinagpala ni Noemi ang lalaking nagpahintulot kay Ruth na mamulot sa kanyang bukid at naging dahilan upang makakuha siya ng malaking halaga ng pagkain: "***Pagpalain nawa yaong lumingap sa iyo."*** Nanalangin si Noemi para sa amo ni Ruth. Ikaw ba ay nanalangin at itinutuwid ang iyong panalangin para sa ganoong mga tao at sa ganoong paraan? Kailangan nating ipanalangin ang ating mga amo at ang mga lugar kung saan tayo nagtatrabaho at kung saan nagtatrabaho ang ating mga anak.

Nakikita mo ang gayong pagpapala sa taong nagpahintulot na pumunta ang mga dukha at mamulot sa kanyang bukid. Habang sila ay bukas-palad at tumutulong sa iba, pagpapalain din sila ng Diyos at papanariwain sila. ***"9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka't nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha." (Kawikaan 22;9) "Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya uli." (Kawikaan 19:17)*** Yaong tumutulong at umaalalay sa dukha, pagpapalain sila ng Diyos. Yaong tumutulong sa dukha ay nagpapahiram sila sa Panginoon. Kaya naman, kailangan nating patuloy na tumulong sa mga dukha at magpautang sa Panginoon.

***"At sinabi ng kaniyang biyanan sa kaniya, Saan ka namulot ngayon? at saan ka gumawa? Pagpalain nawa yaong lumingap sa iyo, At itinuro niya sa kaniyang biyanan kung kanino siya gumawa, at sinabi, Ang pangalan ng lalake na aking ginawan ngayon ay Booz." (Ruth 2:19)*** Sinabi ni Ruth sa kanyang biyenan kung saan siya nagtatrabaho at ibinigay niya ang impormasyon tungkol sa lalaki. Ito ay kailangan na ang mga anak at apo ay maging lantad at tapat sa kanilang mga magulang at lolo't lola at sabihin sa kanila ang totoo at sagutin sila sapat. Ang ibang tao tulad ng panahong ito ng kabataan at nasa hustong gulang ay magsasabi, 'Oh, wala, bakit mo ako tinatanong tungkol sa aking amo, hindi ko alam, para saan….!' Ang mga magulang at lolo't lola ay hindi dapat matakot kung maiinis ang mga anak at apo. Gayunpaman, kailangan nilang gawin ang kanilang pananagutan na subaybayan at pangasiwaan ang kanilang mga anak at apo, turuan sila, ituwid sila, upang matiyak na ang mga pagpapala ng Diyos ay dadaloy sa kanilang buhay.

***"20 At sinabi ni Noemi sa kaniyang manugang: Pagpalain nawa siya ng Panginoon, na hindi ikinait ang kaniyang kagandahang loob sa mga buhay at sa mga patay. At sinabi ni Noemi sa kaniya, Ang lalaking yaon ay isa sa mga kamaganak na malapit natin, isang pinakamalapit na kamaganak natin." (Ruth 2:20)*** Pinagtibay itong muli ni Noemi na si Booz ay pagpalain ng Panginoon, dahil pinahintulutan niya ang Diyos na gamitin siya upang pagpalain si Ruth. Pinuri ni Noemi ang Diyos para sa buhay ni Booz at itinuring niya na ang presensya ni Booz ngayon sa bukid at sa Betlehem ay isang kabaitan ng Diyos at hindi iniwan ang kanyang kabaitan sa mga buhay at sa mga patay. Ang ilang mga tao na pinahintulutan ng Diyos na ipakita sa ating buhay, upang ituring bilang kabaitan ng Diyos sa atin dahil sila ay lubhang kapaki-pakinabang at kumakatawan sa magpabiyayang Diyos sa pagharap sa atin; sapagkat sa pamamagitan nila ay matatanggap natin ang kagandahang-loob ng Diyos.

***"At sinabi ni Noemi sa kaniya, Ang lalaking yaon ay isa sa mga kamaganak na malapit natin, isang pinakamalapit na kamaganak natin."*** Ipinahayag pa ni Noemi kay Ruth na ang lalaking iyon ay kamaganak nila at yaon ay isa sa kanilang malapit na kamaganak na maaring tumubos sa mana ng kanyang asawa at ng kanyang dalawang anak, at posibleng makapag-asawa kay Ruth. Ngayon ay ipinakita ng Diyos ang Kanyang

mabuting plano sa pamilyang iyon. Ngayon ay malinaw nilang nakikita na ibinabalik sila ng Diyos sa normal at ibinabalik ang pamilya.

***"21At sinabi ni Ruth na Moabita, Oo, sinabi niya sa akin, Ikaw ay sumunod na malapit sa aking mga bataan hanggang sa kanilang matapos ang aking ani." (Ruth 2:21)*** Dagdag pa, sinabi ni Ruth sa kanyang biyenan ang iba pang biyaya na natanggap niya mula kay Booz; na hiniling niya na manatili siya sa kanyang bukirin at magtrabaho hanggang sa matapos ang pag-aani. "***Ikaw ay sumunod na malapit sa aking mga bataan hanggang sa kanilang matapos ang aking ani."*** Nangangahulugang kailangan niyang masdan ang gawain ng mga tauhan habang sila'y nag-aani, pagkatapos ay pupunta siya at mamumulot pagkatapos nila; kaya naman sinabi sa kanya ni Booz na manatili sa bukid hanggang matapos ang lahat ng kanyang ani. Kaya ngayon siya ay ligtas na sa ilang mga buwan ng pagtatrabaho.

***"22 At sinabi ni Noemi kay Ruth na kaniyang manugang, Mabuti, anak ko, na ikaw ay lumabas na kasama ng kaniyang mga alila, at huwag kang masumpungan sa ibang bukid." (Ruth 2:22)*** Si Noemi dito, ay inilagay ng isang malinaw na disiplina kay Ruth pagkatapos niyang mapagtibay sa kanya na manatili sa partikular na trabahong iyon, na hindi niya kailangang pumuntang mag-isa kundi kasama ng ibang batang babae. Ang mga nakakatanda ay dapat maglagay ng malinaw na palatandaan at mga hangganan sa mga kabataan na dapat sundin. Hiniling niya sa kanya na manatili sa bukid ni Booz upang walang ibang masasamang tao ang dumating at abalahin siya habang ang mga bagay ay nagaganap sa ibang bukirin. Hindi nagalit si Ruth sa pagtuturo ng kanyang biyenan. Hindi niya siya sinagot, 'oh, matanda na ako. Bakit mo pa rin sinasabi sa akin ang mga bagay na iyon, bakit ka nakikialam sa buhay ko? Bakit hindi mo ako mapagkakatiwalaan! ….'. Mahal na mga bata, maging magalang sa iyong mga magulang at lolo't lola at pasalamatan at pahalagahan ang lahat ng mga tagubilin at pagwawasto na natatanggap mo mula sa kanila.

***"23 Sa gayo'y nakipisang maliksi na kasiping ng mga alila ni Booz, upang mamulot hanggang sa katapusan ng pagaani ng sebada at pagaani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng kaniyang biyanan." (Kawikaan 2:23)*** Tunay na si Ruth ay nanatili sa parehong trabaho hanggang sa katapusan ng pagaani ng sebada at trigo, at sinundan ang tagubilin ng kanyang biyenan, at siya'y namuhay kasama ng kanyang biyenan. Mabuting manatili sa iisang trabaho at huwag lumipat sa iba't iban lugar ng trabaho ay nangangahulugan na hindi nila nakikita ang Diyos sa kanilang buhay at ang Kanyang ibinibigay para sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang ganoong gawain ng buhay na mula sa trabaho hanggang sa tahanan ay maaring maging sanhi ng maraming pagkabalisa at pagbulong-bulong at sabihin, *'Anong uri ng buhay! Trabaho mula sa umaga hanggang sa gabi, at isang araw na pahinga lamang.'* Ngunit ito ang buhay na itinalaga ng Diyos as atin upang isabuhay; anim na araw na tayo'y magtatrabaho nang masigasig at tayo'y magpapahinga ng isang araw; ito ang batas ng Diyos, at habang tayo'y nagtitiyaga ang Diyos ay gagawa ng mga himala at itataguyod tayo at ibibigay ang para sa atin at itataguyod tayo sa buhay; gaya ng ating napagmasdan dito sa pamilya ni Noemi at ni Ruth. Dito sa bahay ni Noemi walang TV, walang mga kasayahan, walang mga kaibigan, walang Facebook o You Tube. Paano sila naglalaan ng pagsasaya? Ginugugol nila ang magandang panahon sa presensya ng Diyos, sa mga pananalangin, pag-awit sa Panginoon, at ang mga pagpapala ng Diyos sa ating buhay.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita at sa iyong katuruan na aking natanggap sa mensaheng ito.*

*Hilingin sa Diyos ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan, lalo na sa iyong pagmamataas, kayabangan, kawalan ng paggalang sa matatanda, walang pag-iingat na gawin ang iyong pananagutan patungo saa iba, ayaw magtrabaho ng husto, ang iyong masamang paguugali sa lugar na pinagtatrabahuhan, at ang iyong maling pangangasiwa ng iyong oras, ang iyong pagsasayang ng mga mapagkukunan, kawalan ng ipon, atbp. Panginoon patawarin ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan*_________________________________________________________.

*Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito na gawin at isagawa ito sa aking buhay. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na magpakumbaba, magtrabaho ng husto, makinig sa mga tagubilin ng matatanda. Magipon, at huwag magsayang ng mga mapagkukunan, at maging handa na mamuhay ng simpleng buhay na itinalaga mo sa akin upang isabuhay at lasapin ang biyaya sa pamamagitan ng pananalangin araw-araw, pagbabasa at pagninilayan ng iyong Salita. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang ipakita ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, pagpipigil sa sarili, pagtitiyaga, kainahunan, kabutihan, mahabang pagtitiis, at ang lahat ng bunga upang makita ng iba si Jessu sa aking buhay.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na lalaki at babae na itinalaga ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe. Gantihan sila at gantimpalaan sila para sa bawat gawa ng kabutihan na kanilang ginawa at sa kanilang pagsunod sa iyong Salita at mga kautusan.*

*Panginoon ako'y nanalangin na iyo kaming tutulungan bilang isang simbahan upang ipatupad ang iyong Salitat at katuruan na aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang patuloy na magebanghelyo at gawing mga alagad at buuin ang gawa na iyong itinalaga para sa amin upang gawin. Panginoon tupariin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan ng buong kalooban ng Diyios'. anginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupian, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.